Bagong Edisyon

タガログ語

**Aklat na Patnubay sa Elementarya at Junior High School sa Yokkaichi City**

**Para sa mga dayuhang mag-aaral at mga magulang**

# Maligayang Pagbati mula sa Paaralan ng Yokkaichi City

ようこそ四日市市の学校へ



**Yokkaichi City Educational Committee**

四日市市教育委員会

# Panimula

## Maligayang pagbati mula sa Paaralan ng Yokkaichi City.

**Kailangan ng inyong anak na maunawaan ang pamumuhay sa loob ng paaralan dito sa Japan upang maging masaya ang araw-araw na pamumuhay nila dito.**

**Hinihiling din po sana namin na lubos na munawaan ng mga magulang ng mga banyagang batang papasok sa paaralang elementarya at Jr. High school sa Yokkaichi City ang tungkol sa pamumuhay sa loob ng paaralan sa Japan.**

**Dahil dito, nilikha ang "Maligayang Pagbati mula sa Paaralan ng Yokkaichi City".**

**Ngunit, ang nilalaman ng babasahing ito ay tungkol lamang sa mga bagay na magkakatulad ang elementarya at Jr. High school sa Yokkaichi City. Mayroon din pong pagkakaiba ang bawat paaralan, magtanong po lamang sa paaralang papasukan ng inyong anak kung nais malaman ang mas detalyadong impormasyon.**

**Marso, 2019**

**Yokkaichi City Educational Committee**

## 1. Para sa Tagapangalaga/Magulang

### (1.) Makipag-ugnayan sa Paaralan

**Mahalaga ang pakikipagtulungan ng paaralan at pamilya sa pagbibigay ng edukasyon sa mga bata.**

**Upang makamit ito, hinihiling po namin ang inyong pakikibahagi sa mga sumusunod.**

**1. Magtungo sa Paaralan**

**Bumisita sa paaralan tulad ng mga araw na maaari kayong mag-obserba sa klase ng inyong anak upang mas maunawaan ninyo sila at ang paaralan.**

**2. Basahin ang mga papel na galing sa Paaralan**

**Mga nakasaling papeles ng paaralan; tulad ng pahayagang pampaaralan, at sulat mula sa kanilang baitang ay naglalaman ng maraming bagay na kung saan ang paaralan ay nagpapahiwatig ng impormasyon at nagtatanong. Kaya, mainam na basahin kaagad.**

**3. Magkaroon ng kinalaman sa inyong anak**

**Sa paaralan ng Hapon tumataas ang bilang ng mga batang nagkakaroon ngt stress lalong-lalo na kung wala silang sapat na kaalaman sa wikang hapon. Sa pagkakataong ito, kailangan ang suporta ng pamilya. Sabayan sila sa paggawa ng kanilang takdang aralin paminsan-minsan, pakingan at kausapin sila tungkol sa kanilang araw sa paaralan, gayun din palakasin ang kanilang loob kung sakaling mawawalan na sila ng gana**

**4. Magbayad sa mga kinakailangan bayaran**

**Ang matrikula at aklat ay walang bayad noong panahong sapilitang edukasyon. Ang ibang bayaran, tulad ng; tanghalian at mga bagay na kailangan sa pag aaral na gagamitin ng mag-aaral kaagad sa buhay paaralan, kaya't kinakailangan bayaran ng mga magulang ang mga bayarang ito. Kapag na huli sa pagbabayad ang pamahalaan ng paaralan ay mailagay sa pagkagambala. Huwag magkulang sa bayad sumunod sa kasunduan.**

## [ Pamamaraan sa Pag-Kolekta ng Pera ]

- **Regular na kokolektahin buwan-buwan ang kabayaran para sa gagamitin sa pag-aaral tulad ng Drill books, Drawing paper, mga aktibidad tulad ng mga School Field Trip, School lunch (kulang-kulang 70% ng kabuuang sisingilin).**

- **Ang paraan sa pag kolekta ng pera ay dinadaan sa financial institution tulad ng automatic bank o postal account transfer.**

**5. Makibahagi sa mga aktibidad ng PTA**

**Sumali sa PTA (Parent and Teacher Association na kung saan ay sinusuportahan ang mga buhay ng bata sa paaralan atebap.) Ito ay hindi sapilitan, mag bayad ng PTA membership ang inyong anak para suportahan ang buhay paaralan**

## (2.) Huwag Palibanin sa Paaralan.

**Mahalaga ang hindi pagliban at pagpasok sa paaralan araw-araw upang patuloy na matuto. Maliban na lamang kung liliban dahil sa may sakit, hangga't maaari ay papasukin ang inyong anak araw-araw. Kung sakaling liliban dahil may sakit o iba pa, ipaalam sa paaralan sa paraan at oras na itinalaga ng paaralan.**

## (3.) Huwag Patigilin sa Pag-aaral

**Napakahirap para sa bata ang mag-aral sa paaralang hindi niya maintindihan ang lengguwaheng ginagamit. Ngunit, kailangang tandaan na kapag tumigil sa pag-aaral ay hindi matututunan ang mga dapat matutunan ayon sa edad na maaaring makaapekto sa pagpasok sa mas mataas na paaralan at trabaho.**

## 2. Paaralan sa Japan

### (1.) Sistema ng Edukasyon

**9 na Taon ang Kinakailangang Edukasyon sa Japan**

**Paaralang Elementarya 6 na Taon** → **Junior High school 3 Taon** → **Senior High school 3 Taon**

- **Mula Abril, 6 na taong gulang hanggang Marso, 15 taong gulang**
- **Pagpapalista sa baitang ayon sa edad ng bata**
- **Hindi pwedeng laktawan o manatili sa parehong baitang, kailangang sunud-sunod ang pag-akyat sa mas mataas na baitang.**

**· Ang pang matrikula at aklat na bayaran ay libre pagkain sa paaralan (Elementary School only) gamit sa pagtuturo, aklat sa pagsasanay ay may bayad - mag bayad sa paaralan.**

**· Gaya ng aralin itinuturo ng guro, ayon sa kurso na pag-aaralan na ayon sa ministri ng edukasyon, kultura, isports, agham at teknolohiya, ang nilalaman ng pinag-aaralan ay katulad ng mga ibang paaralan.**

**· Ang kabilangan ng mga eskuwela sa isang section ay mahigit 40 na bata mag kasama ang lalaki at babae na nag-aaral.**

**· Para sa may kapansanan sa katawan na mga mag-aaral, sila ay binibigyan ng Edukasyon sa bawat isa ayon sa kahadlangan.**

**· Ipinag babawal sa mga eskuwela ng Elementarya at Junior High School ang mag trabaho ng pagsamantala.**

## (2.) Pagtuntong sa Mataas na Paaralan

**・ Mahigit sa 95% ang mga mag-aaral na nagpapatuloy sa Mataas na paaralan pagkatapos ng Junior High School sa Japan.**

**・Sa pagkuha ng entrance exam sa Mataas na paaralan, kailangang 「mahigit sa 15 taong gulang」, 「nagtapos ng Junior High school sa Japan o banyagang bansa (o kaya anumang pinahihintulutang katumbas na Academic ability)」.**

**・Kailangang mayroong sapat na abilidad sa Academic upang makapasa sa entrance exam ng nais pasukang mataas na paaralan.**

**・May mga Mataas na paaralang umaabot sa mahigit 30 man (300,000円) ang bayarin sa tuition fee, mga textbook at uniform sa 1 taon.**

**・Kapag nakatapos sa Mataas na paaralan, mas malaki ang pagkakataong makahanap ng trabaho at maaaring kumuha ng entrance exam sa University, College at iba pa.**

**・Taun-taon, may isinasagawang 「*Shingaku* Guidance (Gabay sa Pagpasok sa Mataas na Paaralan)」, maaari po kayong dumalo at magtanong ng mga nais ninyong malaman.**

# 3. Paaralang Elementarya at Junior High School sa Yokkaichi City

**(1) Ginawang sistema ang pag pasok sa paaralan na kung saan malapit sa lugar na kanilang tinitirahan.**

**Mayroong 37 na paaralang elementarya at 22 Junior High school na nasa nasasakupan ng Yokkaichi City. Ang patakaran sa pagpasok ay papasok sa paaralang nasasakupan ng lugar na tinitirhan.**

**(2) Nag papadala ng pagsamantalang tagapagturo:**

**・Sa Yokkaichi City, mayroong mga pagsamantalang guro na nagsasalita pangsariling wika tulad ng Portuges, Espanyol, Tagalog, Chinese at iba pa, sa bayan ng Yokkaichi. Ang ipinadalang guro ay nagbibigay suporta sa pagtuturo ng wikang hapon at pamumuhay sa paaralan.**

**・Kapag ang batang mag-aaral ay hindi pa marunong ng wikang hapon, ito ay pinapadalhan ng pansamantalang guro depende sa kondisyon ng mag-aaral at paaralan.**

**(3) Base School para sa mga Banyagang mag-aaral**

**・Ang Base School ay paaralan kung saan papasok ang mga mag-aaral na hindi pa gaanong nakauunawa ng wikang Hapon at mahihirapang mag-aral sa paaralang nasasakupan ng lugar na tinitirhan.**

**・Sa Base School ay may 「Nihongo Classroom」 kung saan hiwalay na tinuturuan ang banyagang batang mag-aaral sa kaniyang klase ng wikang Hapon, Acedemic at iba pa.**

**・Mayroong 4 na Base School, sa Sasagawa Elem. School, Chuo Elem. School, Nishi Sasagawa Jr. High school, Chubu Jr. High school.**

**・Sa Base school ay may mga guro at pansamanatalang guro na nakapagsasalita ng Portuguese, Spanish, Tagalog, Chinese at iba pa na magtuturo ng wikang Hapon at Academic.**

**・Ang kaligtasan ng pagpasok sa Base School ay responsibilidad ng magulang ng bata. Ang magulang din ang sasagot sa gastusin sa pamasahe kung kakailanganin.**

**・Kapag natuto na ng wikang Hapon ang bata, ito ay babalik na sa paaralang malapit sa tinitirhan pagkatapos ng school year.**

**(4) Silid-aralan para sa Panimulang Pag-aaral (Izumi)**

**・Ito ay silid-aralan kung saan pokus na tuturuan ang banyagang batang mag-aaral na hindi pa nakauunawa ng wikang hapon ng wikang Hapon, pamumuhay sa paaralan at iba pa. Ito ay nasa loob ng paaralan ng Chubu Jr. High School.**

**・Mula sa paaralan kung saan orihinal na nakarehistro ay pansamantala munang papasok dito.**

**・Ang haba ng panahon ng pagpasok ay 3 hanggang 6 na buwan at babalik na sa paaralan kung saan orihinal na nakarehistro.**

## 4. Pamumuhay sa Paaralan

### 1. Pangunahing pangyayari sa Paaralan.

**Ang Paaralan sa Japan ay nag sisimula sa buwan ng Abril at magtatapos sa buwan ng Marso. Sa Yokkaichi City, ang 1 taon ng pag-aaral ay nahahati sa tatlong semestro. Ang mga pangunahing programa sa bawat semestro ay ang mga sumusunod.**

| | | |
|---|---|---|
| **Ika 1 Semestro Abril ↓ Hulyo** | **Pagbubukas ng klase** | **Ang pangyayari na nagpapahiwatig ng pagbukas ng unang semestral.** |
| | **Welcome Ceremony** | **Ang pangyayari kung saan tinatanggap ang mag-aaral na papasok sa unang baitang. Ang mag-aaral at ang kanyang magulang ay nakabihis sa unang araw ng pasukan.** |
| | **Sukatang pisikal** | **Ang pagsukat sa taas, timbang, paningin, at iba pa; ay ginaganap sa bawat hatintaon (semester).** |
| | **Pagsusuring pisikal** | **Pagkuha ng sukat ng tass, timbang, paningin, pandinig at iba pa. Hindi lamang 1 beses sa 1 taon, ito ay isinasagawa kada semetsro.** |
| | **Pagsusuri sa Kalusugan** | **Susuriin ng manggamot ang kondisyon ng pangagatawan at kalusugan. Magsasagawa ng Internal, Dental, Eye, ENT, Tuberculosis, Urine at Heart Check-up.** |
| | **Pagbibisita sa silid-aralan** | **Kailangan na bumisita ang magulang sa klase ng kanyang anak. Pagkatapos makipagusap sa kanyang guro para maunawaan ng mabuti ang pagkakaiba ng Paaralan sa bahay. Ito ay ginaganap ng maraming beses sa isang taon.** |
| | **Pagbibisita sa bahay** | **Bumibisita ang gurong tagapangalaga sa bahay ng mag-aaral at nagpalitan ng kaalaman tungkol sa buhay sa paaralan at bahay.** |
| | **Excursion** | **Ang mga mag-aaral ay pupunta sa pasyalan, magagandang tanawin, makasaysayang lugar. Para magkaroon ng kamalayan sa kalikasan, kasaysayan at kultura. Kinakailangan nila na magdala ng pananghalian, tubig o cha at iba pa.** |
| | **Edukasyong Paglalakbay** | **Ang nasa ika-6 na baitang sa mababang paaralan ay manatili ng isang gabi sa una o ikalawang hatintaon. Ang nasa ika-3 taon sa mataas na Paaralan ay kailangang manatili ng dalawang gabi sa unang hatintaon. Mayroon silang malalaman at matutunan tungkol sa nga mahahalagang lugar katulad ng ating sariling kultura, ekonomiya, kalakal at politika. Sa pamagitan nito matututo ang mag-aaral na mag-ipon ng paunti-unting pera sa bawat buwan.** |
| | **Pagsasanay sa paglikas** | **Ang mag-aaral ay matututo kung paano lumikas sa panahon ng lindol, sunog at iba pang kalamidad.** |
| | **Indibidwal na Pag-uusap ng Magulang at Class-Adviser / Pagbibigay ng Report Card** | **Sasabihin ng Class-adviser sa magulang ang lagay ng pag-aaral at pamumuhay ng bata sa ika-1 semestro, gayun din, sasabihin ng magulang ang kondisyon ng bata sa bahay.** |
| | **Seremonya ng Pagsasara ng Klase** | **Pagtatapos ng klase sa ika-1 semestro** |

| | |
|---|---|
| **Summer Vacation** | **Mahabang bakasyon mula July 21 hanggang Agosto 31. Sa panahon ng bakasyon, may pagkakataong may espesyal sa pag-aaral sa paaralan. Mayroon namang Club activity sa Jr. High School.** |

| | | |
|---|---|---|
| **Ika 2 Semestro Setyembre ↓ Disyembre** | **Pagbubukas** | **Ito ay ang pagsisimula ng ika-2 semestro.** |
| | **Sports Festival** | **Ang pangayayaring ito ay katulad ng pag-ehersisyo ng mga paa, iba't – ibang kumpetisyon, pagsasayaw at pakikihalubilo sa nga kaibigan. Mayroon rin palig-sahan kung saan makakasali ang mga magulang o pamilya, at sila'y nagdadala ng pananghalian at kakain sa Paaralan.** |
| | **Pag-aaral tungkol sa Kalikasan** | **Ito'y katulad rin ng kalikasan, nagpapalalim ng relasyon ng tao sa kalikasan tulad ng pag-aakyat ng bundok, paglalakad, at pagluluto sa kantina. Ito'y nagtatagal ng isang gabing pananatili para sa Mababang Paaralan at dalawang gabi naman para sa Mataas na Paaralan.** |
| | **Pag-aaral tungkol sa Komunidad** | **Ito'y inuugnay sa aralin tulad ng Sibika at Kultura, at pinagsama-samang asignatura. Sila ay pumupunta sa mga lugar katulad ng may kaugnay sa kultura, ekonomiya, industriya at politika.** |
| | **Cultural Festival** | **Ang lugar kung saan ipinagdiriwang ang pagbibigay puri sa mga nagwagi sa pag-aawit, pagtatanghal sa Mataas na Paaralan.** |
| | **Indibidwal na Pag-uusap ng Magulang at Class-Adviser / Pagbibigay ng Report Card** | **Sasabihin ng Class-adviser sa magulang ang lagay ng pag-aaral at pamumuhay ng bata sa ika-1 semestro, gayun din, sasabihin ng magulang ang kondisyon ng bata sa bahay.** |
| | **Seremonya ng Pagsasara ng Klase** | **Ito ang pangyayari na nagpapahiwatig ng pagtatapos ng ikalawang hatintaon.** |

| | |
|---|---|
| **Winter Vacation** | **2 linggong maikling bakasyon mula Disyembre 24 hanggang Enero 7. Mayroon namang Club activity sa Jr. High School.** |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagbubukas** | **Pagsisimula ng Ika-3 semestro.** |
| | **Pagtatapos** | **Pagdiriwang ng pagtatapos ng mga mag-aaral na nasa pinakamataas na Baitang.  Ang mga mag-aaral na magsisipagtapos ay magbibihis ng pormal sa pagdalo sa pagdiriwang na ito.** |
| | **Seremonya ng Pagsasara ng Klase** | **Pagtatapos ng 1 taong klase.** |

## 2. Pamumuhay sa Paaralan

### ① Schedule

- **4 hanggang 6 na asignatura ay pinag-aralan sa isang araw at may pananghalian subalit, ang oras sa pag-aaral at uwian ay magkaiba ayon sa araw ng lingo at baitang.**

- **Ang haba ng oras ng pag-aaral sa isang asignatura sa Mababang Paaralan ay kadalasan 45 na minuto. Sa Mataas na Paaralan ay 50 na minuto. Mayroong pahinga sa pagitan ng bawat asignatura.**

- **Mayroong Club activity sa Jr. High School  pagkakatapos ng klase.**

### Halimbawa ng Schedule ng klase sa Paaralang elementarya

**8:35　8:45　12:25　13:20　13:40　15:15　15:25**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pang umaga** | **1-4 na asignatura** | **Tanghalian** | **Paglilinis** | **5-6 asignatura** | **Pamamaalam** |

### Halimbawa ng l Schedule ng klase sa Jr. High School

**8:35　9:00　12:50　13:30　15:25　15:40　15:55　※**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pang umaga pagbabasa** | **1-4 na klase** | **Panang-halian** | **5-6 na klase** | **Paglilinis** | **Pamama alam** | **Club Activity** |

**※Ang pagtatapos ng Club activity ay depende sa panahon. Ito’y matatapos ng mga 16:30 hanggang18:00.**

② **Pagbati sa umaga at Pamaalam**

- **Sa klase mayroon 10 na minuto sa umaga at hapon na pagkikita sa bawat araw.**
- **Sa umaga, ito ay halos tumatalakay sa kalusugan at gawain sa araw.**
- **Sa hapon, 1 araw na pag-iisip, dito rin tinatalakay ng guro at mga nakalaang gawin kinabukasan at pagkilala sa kanya kanyang gamit.**

③ **Klase**

**→ Mayroong mga asignatura na pag-aralan (Wikang Hapon, Aritmatika, Matimatika, Aralin Panlipunan, Aghan at iba pa). Maliban sa mga asignaturang ito mayroon ring asignatura na pinag-aralan (Mabuting Aral, Gawain sa Silid-Aralan at Oras para sa Pinag-isang Aralin at iba pa).**

**→ Sa Paaralang elementarya, ang guro ang siyang tagapangasiwa sa klase; sa Jr. High School, ang guro ang siyang tagapangasiwa sa pagtuturo ng asignatura sa mga mag-aaral.**

**【Wikang Hapon】**

**Ang mag-aaral ay nakikinig, nagsasalita, nagbabasa at nagsusulat sa Wikang Hapon. May pag-aaral kung saan inuunawa ang nilalaman ng pangungusap. May pag-aaral rin sa Kaligrapiya kung saan ang mag-aaral ay nagsasanay sa pagsusulat ng mga titik at salita sa maganda at magalang na paraan. Ito ay oras rin na pweding magbasa at maghiram ng mga aklat sa silid-aklatan ng paaralang elemntarya.**

**【Aritmetik at Matematika】**

**Iyo ay tinatawag na Aritmitik sa Mababang Paaralan, at Matimatika naman sa Mataas na Paaralan. Ang mag-aaral ay nag-aaral ng mga numero, pagkalkula, dami, sukat, ang ugnayan ng mga hugis at dami. Ang mga kompas at protraktor ay kailangan ayon sa baitang ng mag-aaral, ito'y ipinapaalam sa mga mag-aaral sa lahat ng pagkakataon.**

**【Pamumuhay】**

**Ang una at ikalawang baitang sa Mababang paaralan ay nag-aaral ng buhay. Pinag- aralan sa asignaturang ito ang ugnayan ng sarili sa mga tao, lipunan, kapaligiran, kalikasan; sa pamamagitan ng matibay na kilusan at kasanayan.**

**【Araling Panlipunan】**

**Mula ika-tatlong baitang sa Mababang Paaralan, ang mag-aaral ay magsiyasat ng anyo sa malapit na pook at nag-aaral ng Heyograpiya, Kasaysayan ng bansang Hapon at ng daigdig. Kailangang puntahan at pag-aralan ng mag-aaral ang pook na kanyang siyasatin. Sa Mataas na paaralan ang mag-aaral ay nag-aaral ng Politika at Ekonomiya.**

**【Science】**

**Mula ika-tatlong baitang sa Mababang paaralan, ang mag-aaral ay magtalima ng halaman, hayop, araw, buwan at bituin; at magsuri ng hangin, tubig, liwanag, tinig, elektrisidad at kung paano magtunaw ng sustansiya. Ang mag-aaral ay nag-aaral hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi sa labas rin katulad sa palayan, taniman, pasyalan, at iba pa.**

**【Musika】**

**Ang mag-aaral ay umaawit ng awit sa silid-aralan ng musika sa maraming pagkakataon at tumutugtog ng mga kasangkapan sa musika (keyboard, harmonica, recorder, at iba pa). Magpaphalaga ng maraming himig at maglinang ng mayaman sa sensibidad. Ang mag-aaral ay mag-aaral ng mahalagang musika kung paano magbasa at magbilang ng nota. Sila ang bibili ng kanilang instrumento**

**【Handicrafts ・Arts】**

**Guhit at gawaing kamay ang tawag nito sa Mababang Paaralan. Sining naman ito sa Mataas na Paaralan. Ang mag-aaral ay maglinang ng mayaman na sensibidad sa pamamagitan ng pagguhit ng mga larawan, eskultura, desinyo, paggawa ng mga bagay bagay gamit ang mga materyalis na makikita sa paligid at pagpapahalaga sa maraming likhang sining. Maghanda rin ang mga mag-aaral ng mga pintura, oandikit, gunting, kahon na walang laman at lalagyan ng tubig.**

**【Edukasyong Pantahanan ・Teknikal】**

**Ang ika-limang baitang sa Mababang Paaralan ay nag-aaral ng Edukasyong Pantahanan; sila ay nagsasanay sa pagluto at gumawa ng mga bagay gamit ang mga lumang damit, makina at iba pang mga gamit sa pagtatahi. Ditto nila matutunan ang mga mahalagang kaalaman at paraang magagamit sa pangaraw-araw na pamumuhay. Sa Mataas na Paaralan ito'y tinatawag na Edukasyong Pantahan at Pang – Industriya. Sa asignaturang ito gumagamit sila ng kompyuter, ang paggawa ng muwebles at bakal. Sa Edukasyong Pantahanan naman ay pinag-aaralan hindi lamang ang pagluluto at produksiyon ng damit kundi kung paano ito mapaunlad.**

**.**

**【Edukasyong Pampisikal ・Pangkalusugan】**

**Sa asignaturang ito ang mag-aaral ay kailangang sumali sa pampalakasan sa dyim. Sa tag-init, ang mga mag-aaral ay lumalangoy sa pul. Kailangan nilang maghanda ng damit pangdyim; pula at puting sumbrero (sa mababang Paaralan lamang) damit panlangoy at sumbrero. Sa ika-tatlo hanggang ika-anim na baitang sa Mababang Paaralan nag-aaral ng kalusugan katulad; ng pisikal na paglaki, kung paano maiwasan at mahadlangan ang sakit at iba pa. Edukasyong Pangkatawan at pangkalusugan naman sa Mataas na Paaralan. Sa Pangkalusugan ang mag-aaral ay nag-aaral ng pisikal na paglaki at pangunang lunas at iba pa.**

**..**

**【Ingles】**

**Pag-aaralan ang pamantayang salita sa Ingles gayun din ang pagsulat ng Alphabet. Mayroon ding aktibidad kung saan maaaring making at makipag-usap ng Ingles sa guro mula sa sa USA.**

**【Kabutihang- asal】**

**Ang mag-aaral ay nag-aaral ng kanyang sariling ugnayan sa ibang tao, kalikasan, lipunan, pagkilala sa tama at mali, mabuting pag-iisip tungkol sa buhay sa lipunan at pampublikong moralidad.**

**【Oras para sa Pangkalahatang Kaalaman】**

**Ang mag-aaral ay naghahanap ng sariling tema, pupunta sa local na lugar, nagmamasid, nagsasanay at nag-aaral upang maging isang mabuting mamamaya. Ang mga mag-aaral ng Mataas na Paaralan ay nagsasanay upang magkaroon ng magandang karanasan at iba pa.**

**【Class Activity】**

**Sa asignaturang ito ang mga mag-aaral ay nagbibigay ng kanilang sariling opiniyon sa paglutas ng mga problema, plano at pagpapatupad ng mga magagandang palatuntunan. Gayundin, sila'y nag-aaral ng mga kurso o trabaho para sa kanilang kinabukasan.**

**④ Pananghalian sa Paaralan**

**・Sa lahat ng paaralang elementarya, pagkatapos ng ika-4 na asignatura ay sama-samang kakain ng pananghalian sa loob ng silid-aralan o kaya ay lunch room kasama ang mga kaklase at Guro.**

**・Huhugasan ang kamay gamit ang sabon at pupunasan ng malinis na panyo bago kumain.**

**・Araw-araw, maglalatag ng malinis na table napkin sa ibabaw ng desk at ipamamahagi ang pannaghalian.**

**・Ang paghahanda at pagliligpit ng pananghalian ay isinasagawa ng mga grupo ng mga batang itinalaga. Ang mga batang nakatalaga ay magsusuot ng mask, apron at sombrero. Magdadala ng sariling mask. Sa huling araw ng lingo, ang batang gumamit ng apron at sombrero ang mag-uuwi nito para labhan at plantasahin at dadalhin muli sa unang araw ng susunod na lingo.**

**・Sa lahat ng Jr. High school, ay maaaring pumili kung oorder ng lunch delivery (may kasamang gatas) o magdadala ng sariling pannaghalian. Maaari ding mag-order ng gatas lamang.**

**⑤ Paglilinis**

**・Gawain ng mag-aaral ang paglilinis. Ang mag-aaral ay maglilinis ng silid-aralan, koridor, hagdan, palikuran gamit ang walis, paglilinis ng sahig, mesa gamit naman ang basahan.**

**⑥ Club Activity**

**・Sa Jr. High school, nagsasagawa ng Club activity upang mahubog ang sariling interes at kakayahan.**

**・Ang club ng bawat paaralan ay iba-iba, isinasagawa ito pagkatapos ng klase sa hapon, bago magsimula ang klase sa umaga o kaya ay araw na walang pasok.**

**【Halimbawa ng Club Activity】**

**Baseball, Soccer, Basketball, Tennis, Volleball at iba pa**

**Chorus, Music instrument, Art, Personal computer at iba pa**

**⑦ Mga Patakaran**

**・Nais po sana naming maunawaan ninyo ang pagkakaiba ng kaugalian sa Japan kumpara sa iba't ibang bansa. Hinihiling po naming ang inyong pakikibahagi.**

**Halimbawa ng mga Patakaran:**
**・Bawal ang accessories, lipstick, manicure at kulay sa buhok.**
**・Sa Jr. High school, kailangang isuot ang itinakdang school uniform.**
**・Bawal magdala ng meryenda o juice. At iba pa.**

## 3. Pagpasok sa paaralan

**① Mababang paaralan**

**・Sa halos lahat ng paaralang elementarya dito sa Japan ang mga mag-aaral ay sama-samang pumupunta ng paaralan kasabay ang kanilang grupo o mga kapitbahay na mag-aral. Sumunod po tayo sa sa itinakdang lugar at oras ng tagpuan.**

**・Kapag hindi makakapasok ang bata dahil sa sakit o anumang dahilan, isulat sa *Renraku cho* (Message notebook) ng bata at ipadala sa kanyang grupo sa pagpasok upang maiabot sa Adviser.**

**② Junior High School**

**・Sa Junior High School ang mga mag-aaral ay hindi grupong pumapasok.**

**・Ang paggamit ng bisikleta papuntang paaralan ay pinapayagan kung ang paaralan ay malayo.**

**③ Mga Gamit sa Paaralan**

**・Maliban sa aklat, ang mga kagamitan sa pag-aaral ay kailangang ihanda sa bahay. Ihanda ang mga ito ayon sa pamantayan ng paaralan.**

## 5. Japan Sport Council Disaster Mutual Aid Benefit System

**・Ang sistema na ito'y nagpapadala ng mga mahahalagang babayaran pang medikal ng mga mag-aaral (kasama ang mga dayuhann mga-aaral) sugat sa ilalim ng pangasiwaan ng paaralan.**

**・Magbabayad lamang ng itinalagang halaga (550円Taunang bayad) at maaari ng maging miyembro at maaaring makakuha ng pinansiyal na tulong kung sakaling maaksidente. Ngunit, ang makakakuha lamang ng benepisyo ay iyong umabot sa mahigit 5,000円 ang**

**kabuuang halaga ng bayarin sa pagpapagamot. (Kapag ang magulang ay miyembro ng Health Insurance, ay magbabayad ng 1,500円 sa teller.)**

## 6. Tulong Pinansiyal sa Pagpasok sa Paaralan

**· Sa lungsod ng Yokkaichi, mayroong tulong na binibigay para suportahan ang mga babayaran sa paaralan sa loob ng siyam na taon sa mga tahanan na di kaya ang pagpaaral sa mga bata dahil sa kakulangan ng pera.**

**· Kailangang magtanong kung paano makakuha ng aplikasyon sa paaralan, sa mga kasapi ng Edukasyon, karapatan pantao sa distrito at mga kasapi ng kabataan.**

## 7. Pagpapauwi sa panahon ng Emergency

**・Sa panahon ng emergency tulad ng babala ng bagyo, biglaang pauuwiin ang mga mag-aaral at pansamantalang mawawalan ng pasok sa paaralan. Sumunod po sa sasabihin ng paaralan.**

**Inilathala**　　２０１９　**Marso**

**Lugar**　　**Yokkaichi City Educational Committee**

**〒510-8601　Yokkaichi City Suwa Cho 1-5**

**Tel　(059) 354 – 8255**
**Fax (059) 354 - 8308**